2011 PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

### Section 1: Listening and Responding

## Transcript

© Board of Studies NSW 2011

## Section 1, Part A

### Text 1

| | |
|---|---|
| RANIA: | Pat, nakita mo na ba ang aking bagong telepono? |
| PAT: | Kulay dalandan, di ba, Rania? |
| RANIA: | Kakaiba sa lahat ano? Pinasadya ko para maipakita ang aking personalidad. Ipasadya mo rin ang telepono mo para maging bukod-tangi. |
| PAT: | Ano, kailangan ko bang kumuha ng teleponong kulay pilak? |
| RANIA: | Oo, at palagyan mo ng letrang “P”. Ang telepono ko ay may letrang “R”. Kapag nawala ko ito, madali kong mahahanap. |
| PAT: | Para sa iyo, maaaring magandang ideya iyan pero hindi sa akin. |

### Text 2

| | |
|---|---|
| PASAHERO: | Isang tiket po patungo sa Kalye Aquino. |
| TSUPER: | Hindi ka ba marunong bumasa? Kailangan mayroon kang tiket. |
| PASAHERO: | Mayroon po akong tiket ngunit nakalimutan ko. |
| TSUPER: | Ay naku, hindi kita maaaring pasakayin. Bumaba ka at bumili ka ng tiket. |
| PASAHERO: | Saan po ba bibili? |
| TSUPER: | Diyan sa makinang bilihan ng tiket. Sige na nga, hihintayin kita. |
| PASAHERO: | *[Pagbalik]* Naku, hindi po gumagana ang makina. |
| TSUPER: | Ay, bahala ka na. Sinisira mo ang iskedyul ng bus ko at nililigalig mo ang ibang pasahero. Bumaba ka na ngayon din! |

**Text 3**

*[Sound effects: telephone rings]*

KRISTI: Magandang umaga, Gintong Lupa Resort, si Kristi po ito.

DANI: Magandang umaga Kristi. Si Dani Santos ako at nais kong kumuha ng tirahan para sa apat na tao.

KRISTI: Mayroon kaming dalawang uring upahang tirahan. Ang mga Tapat-dalampasigan ay laging patok sa apat na raan at pitumpung dolyar ($470) bawat gabi. Ang mga itinuturing Tanaw-hardin naman ay tatlong daang dolyar ($300) lamang, bawat gabi.

DANI: Malaki ang agwat ng singil ano?

KRISTI: Nasa inyo ’yon. Kung ang gusto ninyo’y puting buhangin at paglalangoy, ang Tapat-dalampasigang tirahan ay inyong kunin.

DANI: Kung ganoon, paki-bigyan mo kami ng Tanaw-dalampasigan para sa ika-labing-apat, labing-lima at labing-anim ng Abril.

KRISTI: Maraming salamat. Maaari bang makuha ang detalye ng credit card ninyo?

**Text 4**

Speaker 1: Pamahalaang Lokal ng GlenWest. Iwanan ang pangalan, telepono at maikling mensahe.

*[Beeeeeep…… (answering machine to record telephone message)]*

Speaker 2: Si Lorenzo Cruz ito. Gusto kong magreklamo dahil matagal nang sarado ang basketball court ninyo.

Paki-ayos naman ang mga sira sa lumang basketball court sa Glenwest. Kailangan naming gamitin ang basketball court sa isang nalalapit na panukalang-gawain sa Isport.

Napakalayo po ng ibang basketball court. Kinakailangan pang mag-tren ng halos dalawang oras. Hindi ako pinapayagan ng magulang ko na gabihin.

Tatlong buwan na po mula nang ako’y tumawag tungkol sa bagay na ito. Hanggang ngayon ay wala pang nangyayari. Kailan ba maaayos ang basketball court?

Hihintayin ko ang tawag ninyo. Ang telepono ko ay 88100678. Salamat po.

**Text 5**

Magandang hapon po sa inyong lahat.

Ako’y si Gng. Perez, Pangulo ng Bigay-Tulong Klab na nanghihingi ng abuloy para sa mga mahihirap.

Mabuti’t sinamantala ni’yo ang pagkakataong ito kahit kayo’y abala sa inyong mga lektura. Pumunta kayo rito upang makinig sandali. Sana’y hindi ‘to dahil lamang sa meriyenda.

Ako’y laging nasisiyahang magsalita sa isang grupo ng taong kumakatawan sa hinaharap. Karamihan sa inyo ay galing sa may-kayang pamilya. Napakadali, kung ika’y nasa loob ng apat na dingding na ito, na malimutan ang mga nangyayari sa labas. Pero kailangan nating alamin.

Noong panimulang linggo, kayo’y binigyan ng pagkakataong sumapi sa iba’t-ibang mga klab. Ang naging bunga’y nakakadismaya. Ang mga klab na nangako ng masayang pamamasyal at pampulitikang klab na magbibigay ng trabaho sa hinaharap ay tagumpay, nguni’t ang para sa pagsisilbi ay bigo. Subalit dapat niyong salihan ito.

Ang inyong mga lektura ay mahalaga. Sana ang mga ito’y makapagbigay ng mga karerang kawili-wili at mataas na suweldo. Nais kong pag-alabin ang inyong mga hangaring tumulong sa mga kapus-palad tulad ng pagkalat ng apoy sa malakas na hangin. Ang apoy ay mamamatay kung hindi lahat ay maglalagay ng gatong. Dapat niyong gawin ito.

Kayo’y naririto upang maunawaan ang kahulugan ng buhay. Ang kahulugang ‘yan ay di lang tungkol sa kung ano ang gusto niyo o kung ano ang inyong makukuha. Dapat niyong tanggapin ang hamon at ang tungkuling ito.

Nararapat lang.

## Section 1, Part B

### Text 6

TONY: Lilia, ano ba naman itong pinanood nating pelikulang "Luha ng Bato"? Mabuti pa sa aklat ko na lang binasa!

LILIA: Kung sa aklat di mo makikita ang ganda ng mga biswal at makatotoong pag-ganap ng mga tauhan.

TONY: Kaya ko namang buhayin sa isip ko ang mga tauhan at kapaligiran.

LILIA: Huwag mong ipapares ang aklat sa pelikula dahil tiyak na may kaibahan.

TONY: Alam ko. Mas detalye ang libro at dahan-dahan ang dating ng suspens. Sa pelikula, tuluy-tuloy ang aksyon, parang hinahabol ang aking hininga!

LILIA: Nakakainis at napaka negatibo ng mga opinyon mo!

TONY: Tingnan mo ito, pikon!

LILIA: Ay naku, tama na nga. Aminin na lang natin na hindi talaga tayo magkakasundo!

**Text 7**

*Scenario:* *Nina visits her cousin AJ who is traveling to the Philippines for their grandfather's 80th birthday. Nina can't attend the celebration because of her examinations. Instead, she sends both a gift and DVD presentation. In addition to her presents, AJ asks her to compose a short speech.*

*******************

NINA: Hoy! AJ – pinsan – mabuti gising ka pa!

AJ: Nina! Ano ba yan? Gabing-gabi na! Akala ko'y tulog ka na.

NINA: Paano 'kong makakatulog? eh… ang sama ng loob ko na hindi ako makakapunta sa ika-walumpung kaarawan ng Lolo. Kaya lang, talagang kailangan kong gawin ang lahat ng eksamen ko.

AJ: Ikaw ang paboritong apo ng Lolo. Hindi ko maunawaan kung bakit hindi ka naghanap ng paraan upang makarating sa Pilipinas para sa pagdiriwang na ito. Eh..ano ngayon ang gagawin mo?

NINA: *[Sounding excited]* Yan nga ang dahilan kung bakit naririto ako. Dala ko'ng regalo para kay Lolo. Tingnan mo – bumili ako ng pitaka para sa kanya. Magmula noong bata pa 'ko, naaalala ko ang lumang panyo na kanyang lalagyan ng pera… at ang barya ay palaging nasa bulsa ng kanyang pantalon…

AJ: Magmula pa sa umpisa – talagang malapit na kayong dalawa… O, ano ito?

NINA: Pinaghirapan ko rin gawin ang DVD na ito. Inilagay ko ang mga larawan ng lahat ng Tito, Tita at mga pinsan na naninirahan dito sa Australia. Ang limang mag-papamilya!

AJ: Talagang malikhain ka ano? Kagaya ng Lolo. Tiyak na magugustuhan niya yan. Malaki rin ang impluwensiya ng Lolo sa iyong edukasyon at sa napili mong karera.

NINA: Alam mo namang nag-aambisyon akong maging arkitekto – kagaya ng Lolo. Y'on lang – hindi ko alam kung kaya ko…

AJ: Nina… bakit hindi ka gumawa ng maikling talumpating naglalaman ng mga ating pinag-usapan? Sigurado akong maipahahatid mo ang iyong mga damdamin at ang kahulugan ng iyong mga regalo. Masisiyahan ang Lolo kapag narinig niya ang mensahe mong buhat sa puso…